

PAANO PUPUNAN ANG IYONG SAR 7 ULAT NG KATAYUAN SA PAGIGING KWALIPIKADO**Para sa Mga Benepisyo ng Tulong na Pera at CalFresh (dating tinatawag na Food Stamp)**

I-save ang form na ito upang matulungan kang punan ang iyong SAR 7 (Ulat ng Katayuan sa Pagiging Kwalipikado). Kung kailangan mo ng tulong sa pagsagot sa iyong ulat, **tawagan ang County**.

- Kung hindi ka magpapadala ng kumpletong ulat, maaaring maantala, mabago, o mahinto, o magsanhi ng sobrang pagbabayad na kailangan mong muling bayaran ang iyong mga benepisyo. Dapat mong sagutin ang lahat ng tanong, at maglakip ng patunay kung hihilingin namin. Ang mga Tanong 4 at at 13 ay mga CalWORKs lamang, ang mga sambahayan lamang na tumatanggap ng CalFresh ay hindi inaatasang sumagot sa mga tanong na ito.
- **Maglakip ng hiwalay na piraso ng papel kung kailangan.**
- **Ang impormasyong iyong iuulat ay maaaring magsanhi ng pagtaas, pagbaba, o paghinto ng iyong mga benepisyo.**

**MGA TAGUBILIN****Gaano Kadalas Mo Dapat Kumpletuhin ang SAR 7**

Isang beses sa isang taon; (6 na buwan pagkatapos ng iyong aplikasyon/taunang pag-renew). Sasabihan ka ng County kung kailan nakatakda ang iyong SAR 7.

Pag-uulat Para sa Mga Taong Nakatira sa Iyong Bahay

Kung nakakakuha ang iyong pamilya ng tulong na pera, mag-ulat ng impormasyon para sa:

- Lahat ng **anak**-natural, ampon, at stepchildren.
- Lahat ng **magulang**-natural, nag-aampon, at stepparent.
- Iba pang **mga tinutulongang kamag-anak** sa kaso ng bata.
- **Iyong sarili** at sa iyong **asawa** o **nakarehistrong live-in partner**.
- Sinuman na **pansamantalang wala** sa bahay.

Kung nakakakuha ang iyong pamilya ng CalFresh (nang mayroon o walang tulong na pera) dapat ka ring mag-ulat ng impormasyon para sa:

- Lahat ng bata.
- Lahat ng may kaugnayan sa iyong nasa hustong gulang.
- Lahat ng iba pang tao sa sambahayan na regular na bumibili at naghahanda ng pagkain para sa iyo.

Paghiling na Ihinto ang Mga Benepisyo

- Sa SAR 7, punan ang seksyon upang ihinto **lang** ang mga benepisyo kung gusto mong ihinto ang alinman sa iyong mga benepisyo. Suriin ang mga benepisyong gusto mong mahinto, at pirmahan at lagyan ng petsa ang SAR 7. *Kung gusto mo lang ihinto ang ilan sa iyong mga benepisyo at panatilihin ang iba, dapat mong punan ang natitirang bahagi ng SAR 7.*
- Maaari mo ring ihinto ang iyong mga benepisyo sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa County.
- Kung hihilingin mong ihinto ang iyong tulong na pera, maaari ding mahinto o mabago ang iyong Medi-Cal. Maaaring hindi ka maging kwalipikado para sa Medi-Cal o maaaring kailanganin mong magbayad ng bahagi ng gastos para dito.

PAANO PUPUNAN ANG BAWAT TANONG**Impormasyon sa sambahayan (Tanong 1)**

Ilista ang anumang mga pagbabago sa mga kasama mo sa bahay, mga pagbabago sa iyong address (kabilang ang mga pagbabago sa numero ng apartment, at mga pagbabago sa mga gastusin sa bahay simula noong huli kang nag-ulat). Kasama dito ang: mga bagong silang; mga tao na pansamantalang wala sa bahay; o sinumang pumanaw, pumasok o lumabas ng ospital o institusyon (kabilang ang kulungan), atbp.

Pagbabago sa Address/Mga Gastusin sa Bahay (Mga Tanong 2 at 3)

Ibigay sa amin ang impormasyon tungkol sa anumang mga pagbabago sa iyong address o numero ng telepono simula noong huli kang nag-ulat. Kung nakakakuha ka ng CalFresh, maaaring hilingin sa iyong magbigay ng patunay ng mga bagong gastusin sa bahay tulad ng renta at mga utility. Kung tumaas ang iyong mga gastusin dahil sa paglipat, tiyaking ilista ang mga bagong halaga. Maaari nitong mapataas ang iyong mga benepisyo ng CalFresh.

Pagtatago at Mga Paglabag sa Parole/Probation (Tanong 4)

Ang tanong na ito ay naaangkop sa sinumang nakatira na kasama mo na nakagawa ng alinman sa mga ito simula noong huli kang nag-ulat. Ito RIN ay para sa sinumang lumipat sa iyong sambahayan na nagtatago sa batas o lumalabag sa parole/probation. Kailangan namin ang pangalan ng tao, ang lugar, at petsa na inisyu ang warrant o nangyari ang paglabag.

Kung iniulat mo na dati ang impormasyon sa County, hindi mo na kailangang iulat ang kaparehong impormasyon.

Mga Gastusin (Impormasyon sa CalFresh) (Mga Tanong 5, 6 at 7)

Ang mga tanong na ito ay maaaring magpabago sa iyong mga benepisyo ng CalFresh. Ang impormasyong ito ay maaaring magpababa sa kitang binibilang namin at magpataas sa iyong mga benepisyo. Para sa mga taong may edad 60 at mas matanda o may kapansanan, iulat ang anumang mga pagbabago sa iyong mula sa sariling balsa na mga medikal na gastusin. Para sa alinmang sambahayan ng CalFresh, iulat ang mga pagbabago sa iyong mga gastos para sa pangangalaga sa mga anak o nasa hustong gulang na dependent na kailangan para sa trabaho at pagsasanay. Kung nagbabayad ka para sa sustento sa anak, iulat ang anumang mga pagbabago sa halagang binabayaran. **Maglakip ng patunay upang matukoy kung maaari kang makakuha ng higit pang mga benepisyo.**

Ari-arian (Tanong 8)

Ilista ang sinumang nakakuha, nakabili, nagbenta, nakipagpalit, gumastos o nagbigay ng anumang ari-arian. Kasama sa ari-arian ang: lupa, bahay, sasakyan, mga bank account, mga perang pambayad (mga napanalunan sa lotto o casino, retroactive social security, mga pag-refund ng buwis, atbp). Isama ang mga regalo at loan. Ilista kung kaninong ari-arian, ang uri ng ari-arian, kailan ito nagbago, at ang halaga ng ari-arian ("halaga" sa form). Lagyan ng check ang kahon sa kung anong nangyari. **Maglakip ng patunay.**

Kung nakapag-ulat o nakapagbigay ka na ng patunay ng bagong ari-arian, hindi mo na kailangang iulat itong muli maliban kung nagkaroon ng pagbabago.

Kita sa Employment (Tanong 9)

Ilista ang **lahat** ng kita mula sa employment (trabaho) – mga kinita, tip, allowance sa pagsasanay, benepisyo, o iba pang mga kinita ng sinuman sa buwan ng ulat. Ilista ang halaga bago ang mga buwis o kabawasan (ang gross na halaga). **Maglakip ng patunay.**

- Kasama sa **kita sa employment** ngunit hindi limitado sa mga ito ang mga paycheck, kinitang pera, bayad sa bakasyon, mga bonus, pera mula sa self-employment, kita sa pansamantalang trabaho o pagsasanay, kita sa pagpapapaup, IHSS, atbp.
- Kung **self-employed**, maaari kang makakuha ng 40% na bawas para sa mga gastusin nang walang patunay. Kung mas mataas ang iyong mga gastusin at gusto mong kunin ang mga aktwal na gastusin, ilista ang lahat ng gastusin sa negosyo sa isang hiwalay na piraso ng papel. Maglakip ng patunay kung gumagamit ng mga aktwal na gastusin.
- **Ang Patunay ng pagkawala ng trabaho** ay kabilang ang pero hindi limitado sa isang liham mula sa pinagtatrabahuhan, UIB award letter, o kung walang ibang pagpapatibay, isang pinirmahang nakasulat na pahayag.

Mga Pagbabago sa Kita sa Employment (Tanong 10)

Kailangan naming malaman kung magpapatuloy ang kita o kung magkakaroon ng mga pagbabago. Kung hindi magbabago ang iyong kita, gagamitin namin ang halagang iuulat mo bilang iyong kita para sa susunod na 6 na buwan. Kung alam mong magkakaroon ng mga pagbabago sa kita, sabihin sa amin kung bakit, magkano at kailan. Kung hindi ka sigurado, maaari mo ring iulat ang pagbabago kapag nangyari ito. Halimbawa, kung inalok ka ng trabaho at alam ang sahod kada oras at iskedyul, dapat mo itong iulat kahit na hindi ka pa nagsisimula sa trabaho o hindi pa sumusweldo. Gayundin, kung nagtatrabaho ka nang on-call o may iskedyul na madalas na nagbabago, isulat ang impormasyong ito sa iyong form ng SAR 7.

Kasama sa patunay ng kita sa employment ngunit hindi limitado sa mga ito ang: mga check stub, kopya ng tseke o pahayag mula sa employer atbp., o mga pahayag ng buwis para sa self-employed.

Iba Pang Kita (Tanong 11)

Ilista ang **lahat** ng iba pang kita mula sa anumang iba pang pinagmulan. **Maglakip ng patunay.**

- Kasama sa **Kita sa Pagkakaroon ng Kapansanan o Pagreretiro** ang SSI, Social Security, mga benepisyo sa pagkakaroon ng kapansanan ng Beterano, danyos ng worker o anumang iba pang mga pagbabayad sa pagkakaroon ng kapansanan/pagreretiro.
- **Mga benepisyo sa kawalan ng trabaho**
- **Iba pa:** mga napanalunan sa lotto; insurance o mga legal na kasunduan; mga regalo o loan; tulong sa pangungupahan; libreng pabahay/utility/damit/pagkain (o kung may isang taong nagbayad ng lahat ng gastusin na ito para sa iyo); o anumang iba pa.
- **Ang patunay na hindi na tumatanggap ng ibang mga pera** ay kabilang ang pero hindi limitado sa isang liham mula sa tagapagkaloob ng benepisyo o kung walang ibang pagpapatibay, isang nakasulat na pahayag.

Ilista kung (1) sino ang kumita, (2) saan nila nakuha ang pera, at (3) ang halagang nakuha nila.

Mga Pagbabago sa Iba Pang Kita (Tanong 12)

Sabihin sa amin kung sa palagay mo ay magpapatuloy ang kita o kung alam mong magbabago ito. Kung alam mong magbabago ito, sabihin sa amin kung kailan ito magbabago at magkano.

TINGNAN ANG KABILA PARA SA HIGIT PANG IMPORMASYON

Kasama sa patunay ng iba pang mga uri ng kita ngunit hindi limitado sa mga ito ang: mga check stub, kopya ng mga tseke, liham ng pagkaloob mula sa ahensiya kung saan mo nakuha ang pera, atbp.

Anumang Iba Pang Mga Pagbabago (CalWORKs lamang) (Tanong 13)

Ilista ang iba pang mga bagay na maaaring magbabago sa iyong pagiging kwalipikado o sa halaga ng iyong mga benepisyo. Ang mga halimbawa ng mga pagbabagong dapat mong iulat ay nakalista sa SAR 7.

SINO ANG DAPAT PUMIRMA SA SAR 7

- Para sa **Tulong na Pera:** Ikaw at ang iyong tinutulungang asawa, nakarehistrong live-in partner, o ang iba pang magulang (ng mga tinutulungang bata), kung nakatira sila sa iyong bahay.
- Para sa **CalFresh:** Ang pinuno ng sambahayan, pinapahintulatang kinatawan, o responsableng miyembro ng pamilya.
- **At para sa Pareho:** Sinumang tumutulong sa pagsagot sa ulat, isang interpreter, o ang saksi sa iyong pagmarka.

ANO ANG IBIG NAMING PAKAHULUGAN KAPAG SINABI NAMING

NAGTATAGO SA BATAS: Ang isang tao ay itinuturing na umiwas o tumatakbo mula sa batas kung ang isang warrant ng pag-aresto ay inisyu at alam ng tao o dapat nalaman mula sa mga impormasyon na hinahanap sila ng mga tagapapatupad ng batas.

TULONG NA PERA: CalWORKs (California Work Opportunity and Responsibility to Kids), Refugee Cash Assistance (RCA), Trafficking and Crime Victim Assistance Program (TCVAP), at Entrant Cash Assistance (ECA).

PAGBABAYAD SA SUSTENTO SA ANAK: Ang kailangan mong ipambayad sa isang tao para sa iyong anak o stepchild. Isama ang mga pagbabayad ng isang stepparent na nakatira sa iyong bahay.

KUMPLETONG SAR 7: Ang isang SAR 7 ay “kumpleto” lang kapag:

- Ang lahat ng OO/HINDI na tanong ay nasagot, *at*
- Ang lahat ng impormasyon ay napunan, *at*
- Ang lahat ng patunay ay inilakip kapag hinihiling sa form, *at*
- Ang lahat ng kinakailangang pirma ay nasa form, *at*
- Pinirmahan at nilagyan ng petsa ang form pagkatapos ng huling araw ng buwan ng ulat.

GROSS NA HALAGA: Ang halaga ng iyong paycheck o iba pang tseke (benepisyo sa kawalan ng trabaho, pagreretiro, atbp.), bago ang mga kabawasan para sa mga buwis, social security, atbp.

LUMALABAG SA PROBATION O PAROLE: Napag-alaman ng isang korte na lumalabag ka sa mga tuntunin ng iyong probation o parole. Ang orihinal na krimen kung saan iniutos ang probation o parole ay maaaring para sa isang krimen o maliit na paglabag.

BUWAN NG ULAT: Ang buwang ipinapakita sa itaas ng SAR 7. Iulat ang lahat ng kinita mo at anumang mga pagbabago na nangyari ngayong buwan.

BUWAN NG PAGSUSUMITE: Ang buwan kung kailan pinirmahan at nilagyan mo ng petsa ang ulat at kung kailan mo ito ipinasa. Ang buwan ng pagsusumite ay ipinapakita sa itaas ng SAR 7, sa ilalim ng buwan ng ulat.

SEKSYON NG SERTIPIKASYON

- Dapat mong pirmahan ang SAR 7 “sa ilalim ng kaparusahan sa pagsisinungaling.” Nangangahulugan ito na nanunumpa (nangangako) ka na ang impormasyong ibibigay mo sa amin ay totoo, tama, at kumpleto.
- Ang pagsisinungaling ay isang krimen – nangangahulugan ito na sumumpa (nangako) kang sasabihin ang katotohanan at sa huli ay hindi ka nagsabi ng totoo.

TANDAAN:

- Nakatakda ang ulat sa ika-5 ng buwan ng pagsusumite. Subukang ipasa ito sa tamang oras upang maiwasan ang mga problema sa iyong mga benepisyo.
- Kung nahuli ang iyong ulat (pagkatapos ng ika-11 ng buwan ng pagsusumite), hindi kumpleto o hindi naipasa, ang iyong benepisyo ay maaaring mahuli, mabago, o mahinto.
- Kung masyado nang huling makukuha ng County ang iyong ulat sa naturang buwan upang bawasan ang iyong mga benepisyo batay sa iyong iniulat, maaari kang singilin sa isang sobrang pagbabayad at kailangang bayaran itong muli.
- Kung hindi kumpleto ang iyong ulat kapag ipinasa mo ito, sasabihan kang kumpletuhin ang mga tanong na hindi mo sinagot at/o ibigay ang patunay na hinihiling ng ulat. Maaaring mahuli ang iyong mga benepisyo.
- Kung pipirmahan o lalagyan mo ng petsa ang iyong ulat bago ang unang araw ng buwan ng pagsusumite, sasabihan kang pirmahan at lagyan itong muli ng petsa.
- Kung hindi ka sigurado kung paano mag-uulat, ano ang iulat o anong patunay ang kailangan mong ipadala, **tanungin ang County.**
- Kung mahihinto ang iyong tulong na pera, maaari ka pa ring maging kwalipikado para sa mga benepisyo ng CalFresh kahit na may trabaho ka na.
- Kung hihinto ang iyong tulong na pera, maaari ka pa ring maging kwalipikado para sa walang gastos o may mababang gastos na saklaw sa kalusugan sa ilalim ng Medi-Cal.

PANLOLOKO SA WELFARE:

- Ang panloloko sa welfare ay kapag hindi mo naiulat ang impormasyon, o naiulat ang maling impormasyon, nang sadya upang subukang makakuha ng higit pang mga benepisyo.
- Ang panloloko ay isang krimen.

MGA PARUSA PARA SA PANLOLOKO SA WELFARE SA TULONG NA PERA:

Kung mapatunayang nagkasala ka ng panloloko o kung nadiskwalipika ka para sa intensyonal (sadya) na hindi pag-uulat nang tama ng iyong impormasyon sa pagiging kwalipikado, maaari mong mawala ang iyong bahagi sa tulong na pera. Ang tagal na mawawala ito sa iyo ay nakadepende sa kung ano ang naging krimen at kung napatunayan nang nanloko ka dati. Maaari ka ring magbayad ng multa na hanggang \$10,000 at/o makulong nang hanggang 3 taon.

Maaaring mahinto ang iyong tulong na pera:

- Dahil sa **hindi pag-uulat** ng lahat ng impormasyon o sa pagbibigay ng maling impormasyon: 6 na buwan para sa unang paglabag, 12 taon sa ikalawang paglabag, o **habambuhay** sa ikatlo.
- Dahil sa pagpasa ng mahigit sa isang aplikasyon upang makakuha ng tulong para sa kaparehong mga miyembro ng pamilya sa ibang kaso sa iisang yugto ng panahon: 2 taon para sa unang pagpapatunay ng sala, 4 na taon sa ikalawa, at **habambuhay** sa ikatlo.
- Dahil sa pagpapatunay ng sala sa panloloko sa welfare, ang mga kaparusahan ay: 2 taon para sa mga karagdagang benepisyo na \$2,000 pababa; 5 taon para sa halagang \$2,000 hanggang \$4,999; at **habambuhay** para sa halagang \$5,000 o higit pa.
- **Habambuhay:** dahil sa pagbibigay sa county ng maling patunay ng paninirahan upang makakuha ng tulong sa dalawa o higit pang county o estado nang sabay; intensyonal (sadyang) pagbibigay sa county ng maling impormasyon para sa isang hindi kwalipikadong bata o isang bata na hindi totoo; pagkuha ng mahigit \$10,000 sa mga benepisyong pera sa pamamagitan ng panloloko; pagkakaroon ng ikatlong paglabag para sa panloloko sa isang korte ng batas o isang administratibong pagdingin.

MGA PARUSA SA PANLOLOKO SA CalFresh:

Kung mapatunayang nanloko ka o kung madiskwalipika ka dahil sa intensyonal (sadyang) hindi pag-uulat nang tama ng iyong impormasyon sa pagiging kwalipikado, maaaring mahinto ang iyong CalFresh sa loob ng 12 buwan para sa unang paglabag, 24 na buwan para sa ikalawa, at **habambuhay** para sa ikatlo. Maaari kang magmulta ng hanggang \$250,000 at/o makulong nang hanggang 20 taon.

Maaaring mahinto ang iyong CalFresh kung ikaw ay mapatunayang may sala maaaring mahinto ang iyong CalFresh kung ikaw ay mapatunayang may sala maaaring mahinto ang iyong CalFresh kung ikaw ay mapatunayang may sala

- Ipinalit o ibinenta mo ang mga benepisyo ng CalFresh para sa mga armas, amunisyon, o pampasabog, maaaring mahinto **habambuhay** ang iyong mga benepisyo ng CalFresh para sa unang paglabag.
- Ipinalit o ibinenta mo ang mga benepisyo ng CalFresh para sa mga ipinagbabawal na substance. Maaaring mahinto ang iyong mga benepisyo ng CalFresh sa loob ng 24 na buwan para sa unang paglabag at **habambuhay** para sa ikalawa.
- Ipinalit o ibinenta mo ang mga benepisyo ng CalFresh na nagkakahalagang \$500 o higit pa. Maaaring mahinto ang iyong mga benepisyo ng CalFresh **habambuhay**.
- Binigyan mo ang county ng maling pagkakakilanlan o impormasyon sa tirahan, upang subukang makakuha ng mga benepisyo ng CalFresh sa mahigit sa isang kaso nang sabay. Maaaring mahinto ang iyong mga benepisyo ng CalFresh sa loob ng 10 taon.